Pag-update ng Lehislatibong Buwis

Mayo 2010

Ang Lehistraturang 2010 ay gumawa ng ilang ng mga pagbabago sa mga buwis at programa na pinangasiwaan ng Department of Revenue. Narito ang maikling buod ng ilang mga panukalang batas na nilagdaan upang maging batas. Upang makakita ng komprehesibong listahan ng mga pagbabago sa batas ng buwis, na nauugnay sa bawat panukalang batas, bisitahin ang aming website sa dor.wa.gov/NewLegislation.

Pansamantalang pagtataas ng buwis na B&O
2ESSB 6143 (Seksyon 1101) Karamihan sa mga gawaing pangkalakalan sa ilalim ng Serbisyo o Paglilingkod at Ibang Mga gawain, at Mga Paligsahang Pagsusugal (na mas higit kaysa sa $50,000) aysasailalim sa pansamantalang pagtatataas ng buwis na B&O ng 0.3 porsyento na nagbibigay ng rate na 1.8 porsyento at 1.93 porsyento. Ang pagbubukod ay ibinibigay sa mga ospital at siyentipikong pagsusuri at mga aktibidad sa pagpapabuti. Ang mga negosyo na sumasailalim sa pinataas na rate na ito ay maaaring karapat-dapat sa kredito ng maliit na negosyo na hindi lalagpas sa $70 bawat buwan. *Ito ay-isasakatuparan sa Mayo 1, 2010.*

Pagtaas ng mga produktong sigarilyo at ibang tabako
Pinapataas ng HB 2493 ang buwis sa sigarilyo ng $1.00 hanggang $3.025 sa pakete ng 20 sigarilyo. Ang buwis para sa Other Tobacco Products (OTP) (maliban sa maliliit na mga sigarilyo at moist snuff) ay tataas mula 75 patungong 95 porsiyento ng nabubuwisang mga presyo sa pagbebenta, may patong sa bawat sigarilyo na tumataas mula 50 hanggang 65 sentimo. Ang mga maliliit na sigarilyo ay nagiging hiwalay na kategorya ng OTP, na nabuwisan ng parehong rate tulad ng mga sigarilyo. Ang moist snuff rin ay magiging hiwalay na kategorya ng OTP ngunit patuloy na nabubuwisan sa 75 porsyento hanggang Oktubre 1, 2010, kapag nabuwisan ito sa mas higit sa $2.526 o 83.5 porsyento ng buwis ng sigarilyo sa bawat isahang yunit ng 1.2 onsa o mababa at balanse sa mas malaking yunit. *Tumaas ang buwis sa sigarilyo at OTP simula ng Mayo 1, 2010. Tataas ang moist snuff simula October 1, 2010.*

Binawi ang pagbubukod ng nakaboteng tubig
Ang 2ESSB 6143 (Seksyon 901) na Pagbebenta ng nakaboteng tubig ay napapailalim sa buwis sa retail (pagtitingi) na pagbebenta, kabilang dito ang nakaboteng tubig na inihahatid sa mamimili na nakalagay sa boteng nagamit na . Ang nakaboteng tubigna binebenta para sa mga medikal na dahilan o kung saan walang makunan ang mga consumer ng maiinom ay hindi kasali sa buwis sa pagbebenta at paggamit. *Ito ay isasakatuparan sa Hunyo 1, 2010.*

Binawi ang pagbubukod sa buwis sa pagbebenta ng kendi at gum, ang kreditong B&Oay para sa mga mangagawa
Ang 2ESSB 6143 (Seksyon 901) Pagbebenta ng kendi at gum ay sumasailalim sa buwis sa retail na pagbebenta. Maaaring makatanggap ang mga tagagawa ng kendi ng kredito sa buwis ng B&O ng $1,000 para sa bawat posisyon sa pagtatrabaho na pinanatili para sa taon ng kalendaryo. Upang malaman kung nabubuwisan ang produkto, maglalabas ang Department ng nada-download na listahan ng higit pa kaysa sa 3,000 produkto. Ang listahan ay makikita sa aming website sa *dor.wa.gov/NewLegislation*. *Ito ay isasakatuparan- sa Hunyo 1, 2010.*

Pagpapatupad ng pansamantalang buwis ng carbonated na inumin
Ang 2ESSB 6143 (Seksyon 1401) ay pansamantalang nagpapatupad ng buwis na $.02 bawat 12 onsa sa mga nagbebenta ng nakaboteng carbonated na mga inumin. Ang buwis ay ipapatupad sa bawat tao para sa pagkakaroon ng karapatang magbenta ng carbonated na inumin sa Washington. Ang buwis ay hindi para sa mga nakaraang pagbebenta ng nabuwisan ng mga carbonated na inumin. Naka-iskedyul na ma-expire ang pagtaas ng buwis sa Hunyo 30, 2013. Ito ay isasakatuparan *sa Hulyo 1, 2010.*